**Agila Pilipinas**
January 23 ·

Bataan Capitol

GERMAN RS BARRIER FLOOD CONTROL LIBRENG IKAKABIT NG FLOOD CONTROL ASIA RS CORPORATION CLARK PAMPANGA SA TULONG NG PAMAHALAANG PEDERAL NG ALEMANYA SA JOSE C.PAYUMO MEMORIAL HOSPITAL SA DINALUPIHAN BATAAN

Larry Biscocho
Josie Martinez
Bataan news bureau

Ang Pamahalaang Federal ng Germany at isang pribadong kompanya ng Germany na nakabase sa Clark Freeport Zone Pampanga ay nagkaloob ng pondo sa Jose C. Payumo Memorial District Hospital isang Covid-19 hospital sa Dinalupihan Bataan na naglalayong gawing flood -free ang nasabing ospital.

Pinangunahan ni Bataan Governor Albert Garcia at Dinalupihan Mayor Gila Garcia ang mainit na pagsalubong kay German Ambassador to the Philippines Anke Reiffenstuel at Flood Control Asia RS Corp.President at CEO na si Dr. Andreas Klippe at nilagdaan ng mga ito ang isang memorandum of understanding at paglulunsad para sa libreng proyekto na isasagawa ng RS Corporation sa nasabing District Hospital.

Sinabi ni Dr.Klippe na 80 percent ng nasabing pondo ay ipagkakaloob ng pamahalaang pederal ng Alemanya o Germany at 20 percent naman ang manggagaling sa kompanya ng RS Corporation.

Labis naman ang paghanga ng Ambasador ng Germany sa provincial government of Bataan sa mainit na pagsalubong sa kanya at hinangaan din nito ang kampanya ng provincial government laban sa Covid-19 partikular na ang simpleng pagsunod sa pagsusuot ng facemask at face sheild.

Pinasalamatan din ni Gov.Abet Garcia at Mayor Gila Garcia ang ang nasabing mga panauhin sa pagpili sa Bataan para sa kanilang libreng proyekto na kung saan walang ilalabas na pondo ang pamahalaang lokal at panlalawigan.

Ang nasabing proyekto ay sisimulan ng RS Corporation ngayong buwan ng Enero at inaasahang matatapos ito sa buwan ng Abril 2021 na kung saan mga barrier flood control ang ikakabit sa palibot ng nasabing ospital.

Ang bayan ng Dinalupihan ay isa sa malimit na binabaha kabilang na ang nasabing ospital dahil sa mga malalaking ilog nito na umaapaw at malaki ang maitutulong ng proyektong ito sa nasabing ospital sa pagbibigay ng tuloy-tuloy na serbisyo sa publiko kahit sa panahon ng tagulan o mga pagbaha.




RS.PH.80.41.0151_v1.1